

HINDI TAMA ang diskriminasyon sa mga tao na walang bakuna laban sa COVID-19!

Ginagawa mo ba ang mga bagay tulad nito:

- Lumilikha ka ng "sapilitang pagpapabakuna" at "hindi dapat tumanggi" na sitwasyon
- Humihingi ka ng mga dahilan kung bakit hindi nagpabakuna ang tao
- Pinipilit na tumigil o umalis sa trabaho o pagpasok sa klase dahil hindi bakunado (nagpa bakuna)



Kung iniiskandalo ka, huwag mag-alala ng nag-iisa, kumunsulta!
Lilihim o hindi ito ibubulgar. Libre ang konsulta. Posibleng hindi ito maaari sa ilang mga IP phone

Gifu Prefecture Human Rights Consultation Counter

Gifu Prefecture Human Rights Awareness Center 058-272-8252 (Weekday 9:00 am ~ 17:00 pm)

Field	Pangalan ng Institution	Numero ng Telepono	Oras ng pagtugon
Babae • Lalaki	Gifu Women's Counseling Center	058-213-2131	9:00 am ~ 24:00 hatinggabi ※ Weekdays 18:00 ~ 24:00 ng Sabado, Linggo, Piyesta Opisyal, Year-end at Bagong Taon ay konsulta sa Domestic Violence lamang
	Gifu Sexual Violence Victim Support Center	058-215-8349	Tumutugon 24 Oras
	Gifu Prefecture Gender Equality • Women's Active Support Center	058-278-0858	【Konsultasyon sa Landline】 Lunes hanggang Huwebes, una at ikatlong Sabado 9:00 am hanggang 17:00pm 【Konsultasyon sa Telepono ng Kalalakhian】 Ikalawa at ika-apat na Biyernes ng bawat buwan mula 17:00 pm hanggang 20:00 pm
LGBT	Gifu Prefecture Gender Equality • Women's Active Support Center	058-278-0858	Tuwing ikatlong Biyernes ng bawat buwan mula 17:00 hanggang 20:00
Mga bata / Kabataan	Youth SOS Center	0120-247-505	Tumutugon 24 Oras (20:00 hanggang 9:00 am ng susunod na araw para sa mga biglaan o emerhensya lamang)
	Chuo (Central) Children's Counseling Center	058-201-2111	Weekdays 8:30 am hanggang 17:15 pm
	Seino Children's Counseling Center	0584-78-4838	
	Chuno Children's Counseling Center	0574-25-3111	
	Tono Children's Counseling Center	0572-23-1111	
	Hida Children's Counseling Center	0577-32-0594	
	Child Abuse Counseling Center Correspondence Dial	189	Tumutugon 24 Oras
	Gifu Children and Family Telephone Counseling Room (Nayami nochi Hare)	0120-76-1152 (Hindi makakonekta mula sa mobile phone) 058-213-8080	Weekdays 8:45 am hanggang 21:00 pm Sabado 8:45 hanggang 17:00 pm
	Child SOS 24	0120-0-78310	Tumutugon 24 Oras
Educational Consultation "Hohoemi" dial (bawat educational office)	0120-745-070 (Hindi makakonekta mula sa mobile phone)	Weekdays 9:30 am hanggang 16:15 pm	
Mga taong may kapansanan o karamdaman	Gifu Prefectural Disability Discrimination Elimination Support Center	058-215-9747	Weekdays 9:00 am hanggang 17:00 pm
Dayuhan	Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Prepektura ng Gifu (sa loob ng Gifu International Center)	058-263-8066	Weekdays 9:30 am hanggang 16:30 pm
HIV	Gifu Prefectural Office AIDS Counselling Office	058-272-8270	Weekdays 9:00 am hanggang 17:00 pm
Biktima ng krimen	Gifu Crime Victim Support Center	0120-968-783 058-268-8700	Weekdays 10:00 am hanggang 16:00 pm

* Maliban sa mga tumatanggap ng konsultasyon 24 oras, tumatanggap rin ng konsultasyon maliban lang sa Piyesta Opisyal, Year-end at Bagong Taon.

Maaari rin tumanggap ng konsultasyon sa tanggapan ng munisipyo kung saan ka nakatira.

Human Rights 110 para sa Lahat 0570-003-110 (nationwide number)
(ikokonekta sa pinakamalapit na Legal Affairs Bureau / Regional Legal Affairs Bureau.)
Women's Rights Hotline 0570-070-810 (nationwide number)
Children's Rights 110 0120-007-110 (nationwide number; walang bayad ang pagtawag)
Foreign language Human Rights Consultation dial (Telephone Counseling) 0570-090-911 (Pangkaraniwan sa buong bansa)

Oras ng pagtanggap ©Foreign language Human Rights Consultation dial weekdays 9:00 ~ 17:00

©Iba pa weekdays 8:30 ~ 17:15

click dito para sa Email Consultatio



Para sa mga Magulang at mga Batang higit sa 12 taong gulang

☆Maaaring mabakunahan ng COVID-19 Vaccine ang lahat ng batang higit sa 12 taong gulang na nais magpabakuna.

< Sanggunian: Katayuan ng pagpapareserba ng Vaccine sa Prepektura ng Gifu > 2021 Setyembre 27 kasalukuyan

- Nabakunahan na o nakapagpareserba na : 85.8% ng mga karapat-dapat para sa vaccine/bakuna
- Vaccination Plan Rate ng mga Municipalities : 88.0%
- Supply ng Vaccine : 89.8%

※Ang lahat ng mga aplikante ay inaasahan na mabakunahan

(Pahayag) Mula sa "Dokumento 2" ng Gifu Prefecture Bagong Coronavirus Infectious Diseases 32nd Countermeasures Council • 44th Countermeasures Headquarter Headquarters (na gaganapin sa R3.9.28).

☆Ang pagpabakuna ng COVID-19 Vaccine ay hindi sapilitan. Ang mga naganais na makatanggap ng bakuna ay dapat na maunawaan ang mga epekto at mga side effects, at pagkatapos ay tumanggap ng bakuna ng bukal sa kalooban.

Huwag kailanman gumawa ng anumang bagay na maaaring humantong sa sympathetic pressure o diskriminasyon laban sa mga hindi nabakunahan.

COVID-19 patungo sa masidhing pagpigil ng 5th Wave

Pinagsamang Mensahe mula sa Gobernador ng Prepektura ng Aichi, Gifu at Mie

～Upang mapagtagumpayan ang pinakamalaking krisis kailanman～ Buod

Upang lumikha ng lipunang hindi nakakasakit at walang diskriminasyon

- Huwag magdiskrimina o manira ng mga nahawaang tao, mga taong kabilang sa mga samahan kung saan may mga naganap na hawaan, mga propesyonal sa medikal, mga taong umuwi mula sa ibang Prepektura, pati na rin ang pagtsi-tsisimis sa SNS (internet) atbp
- Isinasagawa ang pagbabakuna sa pahintulot ng aplikante, at hindi pipilitin ang mga tao sa lugar ng trabaho o mga nasa paligid na magpabakuna, o hindi gagawa ng anumang bagay na hahantong sa paninirang puri, puminsala o diskriminasyon laban sa mga hindi nabakunahan.

2021 Agosto 26

Gobernador ng Aichi Prefecture	Hideaki Omura
Gobernador ng Gifu Prefecture	Hajime Furuta
Gobernador ng Mie Prefecture	Eikei Suzuki

Turuan mo ako MINAMO! Paano malulutas ang mga pagdududa tungkol sa COVID-19 Vaccine

Q1 Saan magpabakuna?

A Bilang isang pangkalahatang tuntunin, sa isang medical institution o itinalagang lugar sa pagpabakuna ng munisipyo kung saan ka naka rehistro. Para sa mga detalye, mangyaring suriin ang impormasyon na natanggap mula sa munisipalidad.

Q2 Gaano kabisa ito?

A Ang vaccine ay naiulat na 95% epektibo laban sa covid infection pagkatapos ng dalawang doses/shots ngunit hindi ito 100%. (Ang Influenza Vaccine ay 40%~60%).

Q3 Gaano kaligtas ang Vaccine?

A Pagkatapos ng bakuna, ang mga reaksyon tulad ng sakit sa balikat (lugar ng binakunahan) at lagnat ay maaaring mangyari, ngunit ang karamihan ay makakabawi sa loob ng ilang araw. Ang anaphylaxis, na kung saan ay isang seryosong side effect, ay naiulat na humigit-kumulang 5 mula sa 1 milyon na may bakunang Pfizer, ngunit ang mga gamot ay inihahanda sa lugar ng vaccine center upang maari itong maagapan kaagad.

Q4 Kailangan ko bang magpa-bakuna?

A Ang pagpapa-bakuna ay hindi sapilitan at bibigyan lamang ang may mga pahintulot. Hihilingin sa iyo na magpa-bakuna sa iyong sariling pagkukusa matapos na maunawaan ang epekto ng pagbabakuna at ang panganib ng mga side effects. Gayundin, huwag pilitin ang mga tao sa lugar ng trabaho o mga nasa paligid na tumanggap ng mga pagbabakuna, at huwag diskriminahan ang iba na hindi pa nakakatanggap ng bakuna.

○Tungkol sa Petsa, Oras, Lugar at Vaccine Ticket
Bawat Vaccine Call Center ng Munisipyo



○Tungkol sa Epekto at Side Effects

Gifu Vaccine Call Center
TEL 058-272-8222



(Oras) 9:00 ~ 21:00 (kahit Sabado, Linggo o Piyesta Opisyal)

☆Hindi pa alam kung hanggang saan maiiwasan ng bakuna ang impeksyon.

☆Kung nabakunahan man o hindi, ipagpatuloy ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon, tulad ng masusing paghuhugas ng iyong mga kamay, pag-iwas kahit isa lamang sa 3 C's, at maayos na bentilasyon.

Q Anong uri ng epekto mayroon ang COVID-19 Vaccine, na binabakuna sa Japan?

Sa Japan, ang mga bakuna ng Pfizer, Takeda / Moderna, at AstraZeneca (※) ay kasalukuyang naaprubahan ng Pharmaceutical Affairs Law at napapailalim sa pagbabakuna ng Immunization Law.

(※) Sa prinsipyo, ang bakuna ng AstraZeneca ay inilaan para sa mga taong higit sa 40 taong gulang (gayunpaman, ang mga taong nasa 18 taong gulang pataas kung mayroong partikular na pangangailangan, tulad ng allergy sa mga sangkap na nilalaman sa iba pang mga COVID-19 Vaccine at hindi makapagpa-bakuna). Sa mga oras na ito, mayroon limitadong mga pagkakataon upang makapagpabakuna sa AstraZeneca, at karaniwang hinihiling namin na magpabakuna ng Pfizer o Takeda / Moderna.

Bago ang regulatory approval, ang mga clinical trials ay isinagawa sa ibang bansa upang kumpirmahin ang epekto ng bawat bakuna. Halos 95% ng Pfizer at halos 94% ng Takeda/Moderna ay pumipigil sa pagsisimula ng sintomas. Ang AstraZenca ay 70% epektibo.

Tungkol sa epekto ng pag-iwas sa paglala ng kondisyon, ang bilang ng mga kaso ay hindi sapat sa mga clinical trials na isinagawa bago ang regulatory approval, at pag-iingat ay kinakailangan sa interpretasyon ng resulta. Ngunit inaasahan na ang mga bakunang ito ay magkakaroon ng epekto sa pag-iwas sa paglala ng kondisyon.

Tungkol sa epekto sa pag-iwas sa impeksyon, wala sa mga bakuna ang nakumpirma sa pre-approved clinical trials. Ngunit ang data ay kasalukuyang naipon dahil ang mga bakunang ito ay ibinibigay sa maraming mga bansa o rehiyon. Naiulat ang results na ang mga taong nabakunahan ng mRNA (messenger RNA) vaccine ay mas malabong mahawahan kaysa sa mga tao na walang bakuna. Tandaan na ang data na ito ay naiiba mula sa clinical trials, at mahirap ilagay ang isang control group sa ilalim ng parehong mga kondisyon, kaya't ang mga resulta ay malamang na maging bias. Kinakailangan na tingnan ang iba't ibang mga research results sa hinaharap. Bilang karagdagan, isinasaalang-alang na ang epekto ng bakuna sa pag-iwas ng pagsimula ng sintomas ay hindi 100%, kung kaya't mahalagang ipagpatuloy gawin ang mga aksyon sa pag-iwas ng impeksyon pagkatapos mabakunahan.

Tungkol sa tagal ng epekto ng bakuna, halimbawa, sa kaso ng bakuna ng Pfizer, ayon sa mga resulta ng mga follow-up na survey na isinagawa sa ibang bansa pagkatapos ng mga clinical trials, mayroong ulat na ang epekto sa pag-iwas ng impeksyon anim (6) na buwan pagkatapos ng pangalawang bakuna ay 91.3%. Bilang karagdagan, sa kaso ng bakuna sa Takeda / Moderna, sa parehong survey, inihayag na ang epekto sa pag-iwas ng impeksyon anim (6) na buwan pagkatapos ng pangalawang bakuna ay 90% o higit pa. Kinakailangan na ipagpatuloy na tingnan ang iba't ibang data na maiipon sa hinaharap.

(Pahayag) mula sa materyal na "New Corona Vaccine Q & A" na inilathala ng Ministry of Health, Labor and Welfare (as of R3.9.24). <https://www.cov19-vaccine.mhlw.go.jp/qa/>

I-click dito para sa detalyadong impormasyon tungkol sa effectiveness ng vaccine, atbp. ↓

厚生 予防接種・ワクチン分科会 検索

Welfare Vaccination - Vaccine Subcommittee 検索

Epekto ng bakuna

Pag-iwas sa impeksyon
Ang nabakunahang tao ay hindi nahawa

- Mahirap ipakita ang epekto ng pag-iwas sa impeksyon, at bihirang makumpirma sa mga clinical trials.
- Mahirap patunayan na maraming mga nahawahan na hindi nagkakaranas ng sintomas.

Mahirap ipakita

Pag-iwas sa simula ng sintomas
Bumaba ang bilang ng mga kaso

Ang epekto ay nakumpirma

- Masusukat ang epekto sa pamamagitan ng paghahambing ng bilang ng mga kaso sa parehong grupo sa mga clinical trials ng mga nabakunahan na tao at hindi mga nabakunahan na tao.

Maaaring suriin sa mga clinical trials (mga clinical trials, atbp.)

Pag-iwas sa paglala ng kondisyon
Bumaba ang bilang ng mga pasyenteng kritikal
(mga na-ospital, pumanaw, atbp.)

Inaasahang magiging epektibo

- Masusukat ang epekto sa pamamagitan ng paghahambing ng bilang ng mga malubhang may sakit na tao sa parehong mga grupo sa mga clinical trials ng mga nabakunahan na tao at hindi mga nabakunahan na tao.

Q Ano ang ilan sa mga “side effects”na nakilala sa ngayon?

Ang pangunahing side effects ay sakit sa lugar ng ininiksyunan, sakit ng ulo, joint at muscle pain, sobrang pagod, panginginginig (chills) at lagnat. Gayundin, ang bihirang at seryosong mga side effects ay shock at anaphylaxis. Dahil ito ay isang bagong uri ng bakuna, may posibilidad na ang mga sintomas na hindi pa nabigyang linaw ay maaaring mangyari. Kung may napansin na anumang mga sintomas na nakakabahala pagkatapos ng pagbabakuna, kumunsulta sa doktor kung saan nagpabakuna o sa inyong family doctor. Bagaman bihira, ang banayad na myocarditis at pericarditis ay naiulat pagkatapos ng pagbabakuna. Kung nakakaranas ng sakit sa dibdib, palpitation, igsi ng paghinga, pamamaga, atbp sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna, mangyaring kumunsulta kaagad sa isang medikal na institusyon.

(Pahayag) mula sa Ministry of Health, Labor and Welfare "Instruction Manual for COVID-19 Vaccine" (2021 Setyembre 24)
https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_yoshinhyouetc.html

I-click dito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga side effects ng bakuna↓

厚生科学審議会 予防接種 検索

Health Science Council Vaccination

Hanapang Salita

Katayuan ng mga ulat ng pinaghihinalaang masamang reaksyon ayon sa edad (dalas ng mga ulat mula sa mga medical institution) ※Agosto 22, 2021

Edad	Pfizer Vaccine			Takeda/Moderna Vaccine		
	Ulat ng pinaghihinalaang side effects	Sa loob nito, ulat ng malubha	Sa loob nito, deaths	Ulat ng pinaghihinalaang side effects	Sa loob nito, ulat ng malubha	Sa loob nito, deaths
10-19	170	21	0.8	482	38	0
20-29	827	92	2.0	247	22	0.4
30-39	751	81	1.4	127	18	0.7
40-49	557	62	1.3	86	10	0.5
50-59	271	32	2.3	60	12	1.6
60-69	93	19	2.9	84	12	1.1
70-79	65	24	6.9	85	15	1.3
80-	102	56	25.1	56	35	7.0

(Pahayag) "Dokument 1-7-1" ng 68th Health and Welfare Council Vaccination and Vaccine Subcommittee Vaccine Reaction Study Group (ginanap nuong 2021.9.10), Ministry of Health, Labor and Welfare. https://www.mhlw.go.jp/stf/shingi2/0000208910_00030.html

Paghahambing ng mga side effects ng bakunang H1N1 sa trangkaso

	Pfizer Vaccine (19,592 katao) 2021- 2 nd dose	Takeda/Moderna Vaccine (5,584 katao) 2021- 2 nd dose	H1N1 influenza Vaccine (22,112 katao) 2009
Lagnat (37.5°C or more)	38.1%	78.9%	3.1%
Side effect sa lugar na binakunahan	90.7%	90.3%	69.9%
Pamumula	15.9%	26.3%	60.1%
Sakit/kirot	89.5%	86.3%	43.8%
Pamamaga	14.1%	20.4%	36.0%
Mainit ang pakiramdam	19.0%	32.7%	28.2%
Pangangati	11.9%	13.7%	6.7%
Sintomas sa buong katawan	75.3%	86.6%	26.7%
Panghihina	68.8%	81.9%	19.0%
Masakit ang Ulo	53.1%	66.6%	14.1%
Sipon	14.4%	12.1%	10.4%

(Pahayag) "Document 2" 68th Health and Welfare Council Vaccination and Vaccine Subcommittee Vaccine Reaction Study Group (ginanap 2021.9.10), Ministry of Health, Labor and Welfare. Ang pangangati ng H1N1 influenza ay katamtaman o mas mataas.
https://www.mhlw.go.jp/stf/shingi2/0000208910_00030.html

Outbreak Trend ng COVID-19 Infection (loob ng Prepektura ng Gifu at loob ng Bansa)

Outbreak trends ng COVID-19 Infection (unit : tao)

	Prepektura ng Gifu (hanggang Setyembre 16, 2021)		Loob ng Bansa (mula 18:00 noong Setyembre 15, 2021)	
	bilang ng mga positibo	bilang ng mga Pumanaw	bilang ng mga positibo	bilang ng mga Pumanaw
Less than 10 yrs old	1,119	0	84,121	0
10's	2,230	0	163,115	1
20's	4,265	0	403,419	16
30's	2,536	0	264,806	50
40's	2,659	2	250,474	171
50's	2,116	6	200,304	444
60's	1,142	15	99,378	1,132
70's	916	59	74,944	3,256
80's at higit pa	829	126	70,476	8,778

(Pahayag) mula sa materyal na inilathala ng Ministry of Health, Labor and Welfare "Domestic Outbreaks Trends of COVID-19 Infections" at ng Gifu Prefecture Open Data Catalog. Ang bilang ng mga positibong tao sa Gifu prefecture ay inspeksyon ng Prepektura ng Gifu. Preliminary values naman para sa buong bansa.

<https://www.mhlw.go.jp/stf/covid-19/kokunainohasseijoukyou.html>

<https://gifu-opendata.pref.gifu.lg.jp/dataset/c11223-001>

Tungkol sa sistema ng lunas sa pinsala sa kalusugan pagkatapos ng pagbabakuna

Ang pagbabakuna ay maaaring maging sanhi ng mga problema sa kalusugan (tulad ng pagkakaroon ng sakit o pagkakaroon ng kapansanan). Bagaman napakabihira, hindi ito isinasa walang bahala, kaya may isang sistemang pangtulong na itinatag.

Kahit na ang pagbabakuna ng COVID-19 Vaccine ay nagdudulot ng pinsala sa kalusugan, maaaring makatanggap ng tulong (mga gastos sa medisina, mga benepisyo sa pensiyon sa kapansanan, atbp.) Batay sa Vaccination Law (※)

Para sa mga kinakailangang pamamaraan para sa aplikasyon, mangyaring kumunsulta sa munisipyo kung saan naka rehistro.

(※) Kung napatunayan sa MHLW na ang panganib sa kalusugan ay dahil sa pagtanggap ng bakuna, ang munisipyo ay magbibigay ng mga benepisyo. Ang sertipikasyon ay batay sa National Disease / Disability Certification Examination committee, na binubuo ng Vaccination / Infectious disease / Medical / Legal Experts. Isasagawa ang isang pagsusuri upang matukoy ang namamahala.

Para sa karagdagang impormasyon sa sistema ng pagpapaghinawa sa health risk pagkatapos ng pagbabakuna, ↓

(Pahayag) mula sa materyal inilathala ng Ministry of Health, Labor and Welfare na "Mga Tala pagkatapos ng Vaccine" (2021.9.24).

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_yoshinhyouetc.html

(Reference) Tungkol sa "Response to foreign matter Contamination" ng COVID-19 Vaccine sa bansa

(Mula sa MHLW website (2021.9.24)) https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_tmmiawase.html

May mga vaccination site ang nag-ulat na may nakahalang foreign substance sa mga unopened vials. Sa puntong ito, may total na 3 lots kung saan napansin sa 1 ang stainless steel at ang 2 pang lots kung saan hindi maikakaila ang peligro ng kontaminasyon, ay nasuspende na o kusang narecall na.

Bilang karagdagan, ang mga fragment ng rubber stopper ay natagpuan sa mga vial na hindi pa gamit sa ilang mga vaccination sites, at ilang maraming vaccination sites ay ipinagpaliban sa pag-iingat ng lugar ng vaccination site. Kung isinasaalang-alang na ang isang bahagi ng rubber stopper ay nahalo lang sa proseso posible na ipagpatuloy ang pagbabakuna.

Ang Ministry of Health, Labor and Welfare ay patuloy na magsisikap upang ang mga makakatanggap ng bakuna at ang mga naghihintay para sa pagpapa-bakuna ay maaaring makatanggap kaagad ng vaccine nang may walang pinag-aalala.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa "foreign matter" ↓

Ministry of Health, Labor and Welfare Vaccine foreign matter contamination

Hanaping Salita

厚労省 ワクチン 異物混入対応

< Multilingual na materyal tungkol sa COVID-19 Vaccine > https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_tagengo.html

外国語 新型コロナワクチン

Wikang Banyaga COVID-19 Vaccine

Hanaping Salita

★ Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19 Vaccine, mangyaring tingnan ang Website ng MHLW

厚労省 コロナ ワクチン

Ministry of Health, Labor and Welfare COVID-19 Vaccine

Hanaping Salita



Mga tagubilin para sa bakuna sa coronavirus

Tungkol sa bakuna sa coronavirus

Ang bakunang ito ay bahagi ng programa sa pagbabakuna para sa coronavirus (SARS-CoV-2) ng pambansa at lokal na pamahalaan. Ang bakunang ito ay binili gamit ang pampublikong pondo at magagamit nang walang bayad ng mga nagnanais makatanggap nito. Ang bakunang ito ay para sa mga taong 12 taong gulang o higit pa.

Mga epekto ng bakuna at paraan ng pagbibigay

Ang bakuna na ibibigay ngayon ay gawa ng Pfizer. Pinipigilan ng bakuna ang pagsisimula ng coronavirus.

Natuklasan na mas kaunti sa mga tao na nakatanggap ng bakuna ang nagkaroon ng coronavirus kaysa sa mga hindi nakatanggap. (Ang pagiging epektibo sa pagpigil sa pagsisimula ng sakit ay naiulat na humigit-kumulang 95%.)

Pangalan ng produkto	Comirnaty [®] intramuscular injection
Bisa at epekto	Pagpigil sa nakakahawang sakit na sanhi ng SARS-CoV-2
Dalas at agwat ng pagbabakuna	2 beses (karaniwang 3 linggo ang agwat) *Iniksyon sa kalamnan
Target ng pagbabakuna	Mga taong 12 taong gulang o higit pa (Ang pagiging epektibo at ligtas para sa mga taong wala pang 12 taong gulang ay hindi pa malinaw.)
Dami ng pagbabakuna	0.3 mL kada dosis, 2 dosis sa kabuuan

- Pagkatapos ng unang pagbabakuna, ang pangalawang pagbabakuna ay karaniwang ibinibigay pagkalipas ng tatlong linggo. (Mangyaring kunin ang pangalawang pagbabakuna sa lalong madaling panahon kung higit sa 3 linggo na ang lumipas matapos ang pagbabakuna.)
- Kung ang bakunang ito ang natanggap mo sa unang dosis, tiyaking parehong bakuna ang matatanggap mo sa pangalawang dosis.
- Pinaniniwalaan na ang sapat na immunity ay hindi nakakamit hanggang sa mga pitong araw pagkatapos mabigay ang pangalawang dosis ng bakunang ito. Ang pagiging epektibo nito sa pagpigil sa impeksyon ay hindi pa natitiyak sa ngayon. Dapat kang gumawa ng mga naaangkop na mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon kahit na nakatanggap ka man o hindi ng bakuna.

Sino ang hindi dapat tumanggap ng bakuna

Ang bakunang ito ay hindi maaaring ibigay sa mga taong nalalapat ang mga sumusunod. Tiyaking sabihin sa doktor sa panahon ng konsultasyon sa pagbabakuna kung sa palagay mo ay mailalapat sa iyo ang alinman sa ibaba.

- Mga taong halatang may lagnat (*1)
- Mga taong may malubha at matinding karamdaman
- Mga taong may kasaysayan ng matinding hypersensitivity (*2) sa alinmang sangkap ng bakunang ito
- Mga taong maliban sa mga inilarawan sa itaas ay may mga kundisyon kung bakit hindi angkop sa kanila ang makatanggap ng bakuna

(*1) Ang halatang lagnat ay karaniwang tinutukoy bilang 37.5°C o higit pa. Gayunpaman, maaaring hindi ito nalalapat sa mga kaso kung saan ito tinutukoy bilang lagnat batay sa normal na temperatura ng katawan, kahit na ang temperatura ay mababa sa 37.5 degrees Celsius.

(*2) Anaphylaxis at maraming sintomas na nagpapahiwating ng anaphylaxis, kabilang ang pangkalahatang sintomas ng balat at mucous membrane, pangangapos ng hininga, dyspnea, tachycardia, at hypotension.

Sino ang dapat mag-ingat sa pagkuha ng bakuna

Ang mga mayroon ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon ay dapat maging maingat sa pagtanggap ng bakunang ito. Kung sa palagay mo ay nalalapat ito sa iyo, tiyaking sabihin sa doktor sa panahon ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

- Mga taong sumasailalim ng anticoagulant therapy, mga taong may thrombositopenia o coagulation disorders
- Mga taong dating na-diagnose na may immunodeficiency, o mga taong may malapit na kamag-anak na may congenital immunodeficiency
- Mga taong may kronikong kundisyong medikal tulad ng sakit sa puso, bato, atay, blood disorder, o developmental disorder
- Mga taong nakatanggap ng bakuna dati at nakaranas ng mga sintomas na nagmumungkahi ng isang allergy tulad ng lagnat o pangkalahatang pantal sa loob ng 2 araw pagkatapos ng pagbabakuna
- Mga taong dating nagkaroon ng kombulsyon
- Mga taong maaaring may allergy sa mga sangkap ng bakunang ito.

(Magpatuloy sa likod na bahagi)

Kung ikaw ay buntis o posibleng buntis, o nagpapasuso, tiyaking ipagbigay-alam sa doktor sa panahon ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

Ang produktong ito ay naglalaman ng additive na hindi pa nagamit sa bakuna dati. Kung ikaw ay mayroong hypersensitivity o reaksiyon ng allergy dati, tiyaking ipagbigay-alam sa doktor sa panahon ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

Ano ang gagawin pagkatapos makatanggap ng bakuna

- Pagkatapos makatanggap ng bakunang ito, maghintay ng hindi bababa sa 15 minuto (hindi bababa sa 30 minuto para sa mga dating nakaranas ng matinding sintomas ng allergy kabilang ang anaphylaxis, o sa mga sumama ang pakiramdam o nahimatay, atbp.) sa pasilidad kung saan mo natanggap ang bakuna, at kapag masama ang iyong pakiramdam, mangyaring kontakin kaagad ang iyong doktor. (Dahil dito, posibleng tumugon sa mga biglaang masamang epekto.)
- Ang tinurukang bahagi ay dapat panatilihin malinis. Bagama't walang problema ang pagligo sa araw ng pagbabakuna, mangyaring huwag kuskusin ang nasabing bahagi.
- Mangyaring iwasan ang mapuwersang pag-ehehersisyo sa araw na isasagawa ito.

Masamang epekto

Kasama sa mga pangunahing masamang epekto ang pagsakit sa lugar ng pag-iniksiyon, sakit ng ulo, sakit ng kasu-kasuan at kalamnan, pagkapagod, panginginig, at lagnat. Kasama sa mga bihira at malubhang masamang epekto ang shock o anaphylaxis. Dahil ito ay bagong uri ng bakuna, mayroong posibilidad na magdulot ito ng mga sintomas na hindi pa nalilina sa ngayon. Kung may napansin kang anumang nakababahalang sintomas pagkatapos ng pagbabakuna, kumonsulta agad sa doktor na nagbakuna o sa doktor ng pamilya.

Tungkol sa Relief System for Injury to Health with Vaccination

Ang pagbabakuna ay maaaring maging sanhi ng problema (karamdaman o kapansanan). Bagama't ito ay napakabihira, hindi maaalis ang panganib, kung kaya't itinatag ang relief system.

Sa kaso ng pinsala sa kalusugan bilang resulta ng bakuna sa coronavirus, mayroong relief (medikal na gastos, benepisyo ng pensiyon para sa kapansanan, atbp.) sa ilalim ng Immunization Act. Mangyaring kumonsulta sa munisipalidad kung saan matatagpuan ang iyong tirahan tungkol sa pamamaraan na kinakailangan para sa aplikasyon.

Tungkol sa impeksyon ng coronavirus

Kapag nagkaroon ng impeksyon sanhi ng SARS-CoV-2, makikita ang mga sintomas na katulad ng karaniwang sipon, tulad ng lagnat at ubo. Bagama't maraming tao ang gumagaling mula sa sakit na may banayad na sintomas, sa mga malubhang kaso, ang mga sintomas ng pulmonya tulad ng hirap sa paghinga ay lumalala at maaaring humantong sa kamatayan.

Mga katangian ng bakuna sa coronavirus (bakuna na ginawa ng Pfizer) na ibibigay sa pagkakataong ito

Ang gamot na ito ay isang messenger RNA (mRNA) na bakuna, at ito ay isang formulation kung saan ang mRNA, na siyang blueprint para sa spike protein ng SARS-CoV-2 (protina na kinakailangan para makapasok ang virus sa human cell), ay nakapaloob sa isang lipid membrane. Kapag linagay ang mRNA sa human cell sa pamamagitan ng pagbabakuna ng gamot na ito, magpoproduce ng viral spike proteins sa cell batay sa mRNA, at inuudyok ang paggawa ng mga neutralizing antibodies laban sa spike proteins, at pati na rin ng cellular immune responses, na ipinalalagay na makakapagpigil ng impeksyon na sanhi ng SARS-CoV-2.

Ang gamot na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap.

Aktibong sangkap	◇ Tozinameran (mRNA kung saan naka-encode ang buong-haba ng spike protein na nagbubuklod sa human cell membrane)
Additives	◇ ALC-0315: [(4-hydroxybutyl)azanediy]bis(hexane-6,1-diyl)bis(2-hexyldecanoate) ◇ ALC-0159: 2-[(polyethylene glycol)-2000]-N,N-ditetradecylacetamide ◇ DSPC: 1,2-Distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine ◇ Cholesterol ◇ Potassium chloride ◇ Monobasic potassium phosphate ◇ Sodium chloride ◇ Dibasic sodium phosphate dihydrate ◇ Sucrose

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa bakuna sa novel coronavirus, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare

Ministry of health, labour and welfare corona bakuna

Hanapin



Kung hindi mo mahanap ang website na ito, mangyaring kumonsulta sa iyong local na munisipalidad.

Mga tagubilin para sa pagbabakuna laban sa coronavirus

Para sa Bakunang Gawa ng
Takeda / Moderna

Tungkol sa pagbabakuna laban sa coronavirus

Ang bakunang ito ay bahagi ng programa sa pagbabakuna para sa coronavirus (SARS-CoV-2) ng pambansa at lokal na pamahalaan. Ang programa sa pagbabakuna ay isasagawa gamit ang pampublikong pondo. Libre ito sa mga nagnanais magpabakuna. Ang bakunang ito ay para sa mga taong may edad 18 taong gulang o higit pa.

Mga epekto ng bakuna at paraan ng pagbibigay

Ang bakuna na ibibigay ngayong pagkakataon ay gawa ng Takeda / Moderna. Pinipigilan nito ang paglabas ng mga sintomas ng coronavirus.

Natuklasan na mas kaunti sa mga tao na nakatanggap ng bakuna ang naglalabas ng mga sintomas ng coronavirus kaysa sa mga hindi nakatanggap. (Ang pagiging epektibo nito sa pagpigil sa paglalabas ng mga sintomas ng sakit ay naiulat na humigit-kumulang sa 94%.)

Pangalan ng produkto	COVID-19 Vaccine Moderna Intramuscular Injection [®]
Bisa at epekto	Pagpigil sa nakakahawang sakit na sanhi ng SARS-CoV-2
Dami ng beses at pagitan ng pagbabakuna	2 beses (karaniwang 4 na linggo ang pagitan) *Iniksyon sa kalamnan
Target ng pagbabakuna	Mga taong may edad 18 taong gulang o higit pa (Ang pagiging epektibo at ligtas nito para sa mga taong wala pang 18 taong gulang ay hindi pa malinaw.)
Dosage ng bakuna	0.5 mL sa 1 beses, 2 beses sa kabuuan

- Pagkatapos ng unang pagbabakuna, ang pangalawang pagbabakuna ay karaniwang ibinibigay pagkalipas ng 4 na linggo. (Kailangang tumanggap ng pangalawang pagbabakuna sa lalong madaling panahon kung higit sa 4 linggo na ang lumipap matapos. magpabakuna)
- Kung ang bakunang ito ang natanggap mo sa unang beses, siguraduhing parehong bakuna ang matatanggap mo sa pangalawang beses.
- Ayon sa mga klinikal na pagsusuri, ang sapat na immunity sa sakit ay nakumpirma pagkalipas ng 14 araw matapos matanggap ang ikalawang beses ng pagbabakuna. Ang pagiging epektibo nito sa pagpigil sa impeksyon ay hindi pa natitiyak sa ngayon. Dapat kang gumawa ng mga naaangkop na mga hakbang para makaiwas sa impeksyon nabakunahan ka man o hindi pa.

Sino ang mga hindi maaaring tumanggap ng bakuna

Ang bakunang ito ay hindi maaaring ibigay sa mga taong may malalalang karamdaman. Ipagbigay alam sa doktor sa oras ng konsultasyon sa pagbabakuna alinman sa ibaba.

- Mga taong kinakitaan ng lagnat (*1)
- Mga taong may malubha at matinding karamdaman
- Mga taong nakaranas ng matinding hypersensitivity (*2) sa alinmang sangkap ng bakunang ito
- Maliban sa mga nakasaad sa itaas, ang mga taong may mga kundisyon na hindi angkop para tumanggap sila ng bakuna

(*1) Ang kinakitaan ng lagnat ay karaniwang may temperaturang 37.5°C o higit pa. Gayunpaman, maaaring hindi ito sundin sa mga kaso kung saan itinuturing na may lagnat ang tao batay sa kanyang normal na temperatura ng katawan, kahit pa ang temperatura ay mababa sa 37.5°C.

(*2) Anaphylaxis at maraming sintomas na nagpapahiwating ng anaphylaxis, kabilang ang pangbuong katawan na mga sintomas ng balat at mucous membrane, pangangapos ng hininga, dyspnea, tachycardia, at hypotension.

Sino ang dapat mag-ingat sa agpapabakuna

Ang mga taong mayroon ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon. Kung sa palagay mo ay nalalapat ito sa iyo, tiyakin-mong ipaalam sa doktor sa araw ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

- Mga taong sumasailalim ng anticoagulant therapy, mga taong may thrombositopenia o coagulation disorders
- Mga taong dating na-diagnose na may immunodeficiency, o mga taong may malapit na kamag-anak na may congenital immunodeficiency
- Mga taong may kronikong kundisyong medikal tulad ng sakit sa puso, bato, atay, blood disorder, o developmental disorder
- Mga taong nakatanggap na ng bakuna dati at nakaranas ng mga sintomas na nagmumungkahi ng isang allergy tulad ng lagnat o pangbuong katawan na mga pantal sa loob ng 2 araw pagkatapos ng pagbabakuna
- Mga taong dating nagkaroon ng kombulsyon
- Mga taong maaaring magkaroon ng allergy sa mga sangkap ng bakunang ito

Kung ikaw ay buntis o posibleng buntis, o nagpapasuso, tiyaking ipagbigay-alam sa doktor sa araw ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

Ang ineksiyong ito ay naglalaman ng additive na hindi pa nagamit sa bakuna dati. Kung ikaw ay mayroong hypersensitivity o reaksiyon ng allergy sa mga gamot dati, tiyaking ipagbigay-alam ito sa doktor sa araw ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

(Magpatuloy sa likod na bahagi)

Mga dapat bigyang-pansin pagkatapos magpabakuna

- Pagkatapos mabakunahan, maghintay ng higit sa 15 minuto (higit sa 30 minuto para sa mga dati nang nagkaroon ng malubhang sintomas gaya ng allergy kabilang ang anaphylaxis, o sa mga sumama ang pakiramdam o nahimatay, atbp.) sa pasilidad kung saan, nabakunahan. Kung sumama ang iyong pakiramdam, mangyaring kontakin kaagad ang iyong doktor. (Posibleng tumugon sa mga biglaang pagkakaroon ng mga masamang epekto.)
- Ang tinurukang bahagi ng braso ay dapat panatilihin malinis. Bagamat walang problema ang pagligo matapos mabakunahan, mangyaring huwag kuskusing maige ang nasabing bahagi ng braso.
- Walang magiging problema sa pang-araw-araw na pamumuhay, subalit dapat ay iwasan ang mapuwersang pag-eehersisyo, ang labis na pag-inom ng alak, atbp. sa araw na isasagawa ito.

Tungkol sa mga masasamang epekto

Kasama sa mga pangunahing masamang epekto ay ang pagsakit ng tinurukang bahagi (*), sakit ng ulo, sakit ng kasu-kasuan at kalamnan, pagkapagod, panginginig, at lagnat. Bihira lamang ang pagkakaroon ng mga malubhang masasamang epekto na shock o anaphylaxis. Dahil ito ay bagong uri ng bakuna, may posibilidad na magdulot ito ng mga sintomas na hindi pa malinaw sa ngayon. Kung may napansin kang anumang nakababahalang sintomas pagkatapos ng mabakunahan, kumonsulta agad sa doktor na nagbakuna o sa doktor ng inyong pamilya.

(*) Maraming tao ang nakaramdam ng sakit sa kasunod na araw kaysa pagkatapos na pagkatapos ng inokulasyon. Ang sakit at pamamaga ng braso ay maaaring maramdaman kahit matapos na ang isang linggo pagkatapos ng inokulasyon.

Tungkol sa Relief System for Injury to Health with Vaccination

Sa pagbabakuna, maaaring magkaroon ito ng pinsala sa pangkalusugan (pagkakaroon ng sakit o kapansanan). Bagama't ito ay, bihira lamang, hindi maiaalis ang panganib, kung kaya't itinatag ang relief system.

Kung maging sa kaso ng pinsala sa kalusugan bilang resulta ng bakuna sa coronavirus, mayroong relief (medikal na gastos, benepisyo ng pensiyon para sa kapansanan, atbp.) sa ilalim ng Immunization Act. Mangyaring kumonsulta sa munisipalidad kung saan ka nakatira tungkol sa pamamaraang kinakailangan para sa aplikasyon.

Tungkol sa impeksyon ng coronavirus

Kapag nagkaroon ng paglabas ng mga sintomas ng impeksyon sanhi ng SARS-CoV-2, makikita ang mga sintomas tulad ng karaniwang sipon, lagnat at ubo. Bagama't maraming tao ang gumagaling na may banayad na sintomas (mild symptoms) lamang, sa mga may malubhang kaso, ang mga sintomas gaya ng pulmonya, hirap sa paghinga ay maaaring humantong sa kamatayan.

Mga katangian ng bakuna sa coronavirus na ibibigay sa pagkakataong ito (bakuna na ginawa ng Takeda / Moderna)

Ang gamot na ito ay isang messenger RNA (mRNA) na bakuna, at ito ay isang formulation kung saan ang mRNA, na siyang blueprint para sa spike protein ng SARS-CoV-2 (protina na kinakailangan para makapasok ang virus sa human cell), ay nakapaloob sa isang lipid membrane. Kapag inilagay ang mRNA sa human cell sa pamamagitan ng pagbabakuna ng gamot na ito, magpo-produce ito ng viral spike proteins sa cell batay sa mRNA na ito, at inuudyok nito ang paggawa ng mga neutralizing antibodies laban sa spike proteins, at pati na rin ng cellular immune responses, na ipinalalagay na makakapigil ng impeksyon na sanhi ng SARS-CoV-2.

Ang gamot na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap.

Aktibong sangkap	◇ CX-024414 (mRNA kung saan naka-encode ang buong-haba ng spike protein na nagbubuklod sa human cell membrane)
Additives	◇ SM-102: Heptadecan-9-yl 8 - ((2-hydroxyethyl) (6-oxo-6- (undecyloxy) hexyl) amino) octanoate ◇ Cholesterol ◇ DSPC: 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine ◇ 1,2-Dimyristoyl-rac-glycero-3-methoxypolyethylene glycol-2000 (PEG2000-DMG) ◇ Trometamol ◇ Trometamol hydrochloride ◇ Glacial acetic acid ◇ Sodium acetate hydrate ◇ Refined sucrose

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa bakuna sa coronavirus, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare.

Ministry of Health, Labor and Welfare
Coronavirus Bakuna

Hanapin



Kung hindi magawang makita ang website na ito, mangyaring kumonsulta sa ivong lokal na munisipalidad.